# *Ang Daan Upang Maging Mapalad Yugto 1*

***"3 Mapapalad ang mga mapagpakumbabang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.4 Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin.5 Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa.6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin.7 Mapapalad ang mga mahahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan.8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios.9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios.10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:3-12)***

Lahat ng tao ay magkatulad at nagagalak na pagpalain. Habang iyong binabasa at naririnig ang mensahe ikaw ay kabilang sa kanila na nagnanais na pagpalain. Kaya sabihin mo sa akin ang iyong opinyon tungkol sa paraan upang pagpalain at kung paano mo makakamit ito? Ito ang katanungan na ating sasabihin, tatalakayin at sasagutin sa mensaheng ito. Ang mga tao ay may dala dalang iba't ibang pananaw tungkol sa paraan upang pagpalain. Ang ilan ay nag-iisip upang maging tanyag at kilala sa gayon sila ay pagpalain. Ang ilan ay ilalagay ang kanilang kapangyarihan at impluwensya bilang gabay upang pagpalain sa buhay.

Ang Panginoong Jesus ay naglagay ng totoong patnubay upang paano pagpalain sa buhay na ito; kung paano pagtibayin at mabuhay kasama ng Diyos magpakailanman. Si Jesus ang Anak ng Isang Pinagpala, isinalarawan at nabuhay sa pinagpalang landas ng buhay. Si Jesus ay bumaba mula sa Langit; ibinigay Niya ng Kanyang buhay para sa atin upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan. Sa kababaang-loob at buong pagpapasakop inialay Niya ang Kanyang sarili sa Diyos sa krus para sa ating mga kasalanan, upang linisin tayo at bigyang-daan tayong maglingkod sa Diyos, Kaya naman, ***"14 Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Dios, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Dios na buhay?" (Hebreo 9:14)*** Si Jesus ay namatay sa krus, Siya ay inilibing, pagkatapos nabuhay na maguli sa mga patay upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay, para sa atin at sa lahat ng nanampalataya sa Kanya at susunod sa Kanyang mga hakbang sa buhay, at ipakita sa atin ang paraan upang pagpalain at gaya ng sumusunod:

***1. "3 Mapapalad ang mga mapagpakumbang-loob: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:3)*** Upang maging mapagkumbabang-loob sasaiyo ang kaharian ng Diyos. Pansinin, upang mapagkumbabang-loob, at hindi upang maging mayabang sa espiritu, upang magpakumbaba, ay hindi sumasagot, ni may espiritu ng pakikipaglaban o taong may-palaaway na pag-uugali. Maaring tuksuhin ka ng salapi, karangalan, propesyon at iba pang makamundong pakinabang na maging maging mayabang at mataas ang isip. Ngunit sa pagpipigil sa sarili dahil maaring mawala sa iyo ang Kaharian na ipinangako ng Diyos sa mga mapagkumbaba; yaong sa mapagkumbaba sa espiritu. Ang mga tao ay mawawalan ng katatagan kapag sila ay yumaman, ang kanilang pera ang nagpapabaliw sa kanila. Ngunit dapat tandaan ng lahat na ang Kaharian ng Diyos ay para sa mapagkumbaba. Kaya ngayon upang maging mapalad at makatanggap ng buhay na walang hanggan at ng Kaharian ng Langit, dapat kang magpakumbaba at lumayo sa mataas na espiritu upang matanggap mo ang Kaharian ng Diyos.

***2.*** "***4 Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin." (Mateo 5:4)*** Kasama rito ang nasa mga pagsubok, paghihinagpis at kagipitan. * Ang mga pagsubok ay maaring paraan ng Diyos upang pagpalain ka. Sa mga pagsubok ay pagtutuwid, pagsaway, disiplina, patnubay, at kasakdalan. Sa mga pagsubok tinutulungan tayo ng Diyos upang mabuo ang katangian ni Cristo katulad ng kahinahunan, pagtitiyaga, katapatan at pagpipigil sa sarili. Ang mga pagsubok ay paraan ng Diyos upang para sa atin ay linisin at dalisayin tayo mula sa mga kasalanan at hindi pagkamatuwid. * Hindi lamang sa ganoong uri ng mga pagpapala at pribelihiyo ipagkakaloob sa atin ng Diyos sa mga pagsubok ngunit sa pagsubok na ipinangako Niya rito, na ang naghihinagpis ay aaliwin at tatanggap ng kaaliwan at kaginhawaan mula sa Diyos.

***3. "5 Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa." (Mateo 5:5)*** Ang maamo ay ang mga naghihintay sa Diyos na dumating at pagpalain sila. Sila ang karamihan na sumusunod sa Diyos, na natatakot sa Kanya at lumalakad sa Kanyang mga landas. Ang maamo ay hindi ang mga kinukuha ang lahat ng bagay kasama ang makamundong bagay at ang mga bagay na nagmula sa diablo. Ang diablo din ay nagbibigay ng materyal na mga bagay at dapat kang maging alisto sa ganoon. Ang mga nagnanais ng lahat ay mawawalan nito. Ang maamo ay hindi ang mga nagnanais ng mga bagay na mangyari sa kanilang pansariling panahon kundi sa panahon ng Diyos. Ang maamo ay nagtitiwala sa Diyos at sila'y naghihintay sa PANGINOON, gaya ng Salita ng Diyos na naghihikayat sa atin, ***"18 At dahil dito maghihintay ang Panginoon, upang siya'y maging***

***mapagbiyaya sa inyo, at kaya't mabubunyi siya, na siya'y magdadalang habag sa inyo: sapagka't ang Panginoon ay Dios ng kahatulan; mapapalad yaong lahat na nangaghihintay sa kaniya." (Isaiah 30:18)*** Marami ang tumatakbo upang kunin ang pagkakataon; ngunit mas higit ang pagtakbo nila ay mas lumalayo sila. Napakapalad sa mga hinid tumatakbo para sa mga pagpapala kundi para sa mga naghihintay sa Diyos at itinitiwala ang kanilang buhay ng matapat at matapat sa Kanyang kamay at hintayin Siya upang pagpalain sila. Ito ay katulad sa paglutas ng ating mga suliranin sa paraan ng tao at sa sarili nating mga pagmamadali; samakatuwid ang isang problema ay mangingitlog ng mga kaguluhan. Ngunit ang maamo ay pahihintulutan ng Diyos na lutasin ang kanilang mga kaguluhan sa Kanyang sariling kaparaanan at kalooban at sa Kanyang tamang panahon.

***4. "6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin." (Mateo 5:6)*** Nais ng Diyos sa atin na mangagutom at mangauhaw para sa Kanyang katuwiran upang maihayag at matupad. Upang tayo'y pagpapalain kung tayo'y nangagugutom at nangauuhaw patungo sa mga bagay ng Diyos at hind isa sanglibutang ito o yaong magbibigay sa ating mga ambisyon, sa atin pansariling mga hangarin, plano, at kalooban. Pupunuin at pagiginhawain tayo ng Diyos kung nais nating puspusin ng Kanyang Salita, kalooban at ng Kanyang plano sa atin. * Tayo ay nasa kauhawan at pagnanais kung tayo'y magpapatuloy sa ating pansariling kalooban at hangarin. Ito ay isang kasalanan na magkaroon ng sariling ambisyo, dahil ang pansariling pangarap ay gawa ng laman. Kabilang rin dito ang pagpunta sa ibang bansa at planong makakuha ng iba pang makamundong bagay para sa pag-aakalang magbibigay ito ng magandang kinabukasan sa atin; Ang mga pagpapala ng Diyos ay hindi sa ganitong paraan. Ngunit maniwala tayo at sundin ang itinuro sa atin ni Jesus. ***"Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." (Mateo 6:33)*** Habang ating hinahanap ang Diyos at ang Kanyang Kaharian at maglingkod sa Kanya, sa gayon ay idaragdag sa atin ang lahat ng mga bagay na kailangan natin sa ating buhay.

***5."7 Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't sila'y kahahabagan." (Mateo 5:7)*** Tayo ay pagpapalain at pagpapakitaan ng habag kung tayo ay magpapakita ng habag. ***"31 At kung ano ang ibig ninyong sa inyo'y gawin ng mga tao, gayon din ang gawin ninyo sa kanila." (Lucas 6:31)*** Tayo ay pagpapalain ng habag at pabor mula sa Diyos at mula sa mga taong nakapalibot sa atin kung ituturing ang iba sa mabuting paraan at ipapakita ang habag at sa gawa at kilos patungo sa kanila at lalo na tungo sa mga nangangailangan at nasa mga kaguluhan. ***"16 Dito'y nakikilala natin ang pagibig, sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay dahil sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid.17 Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya? 18 Mumunti kong mga anak, huwag tayong magsiibig ng salita, ni ng dila man; kundi ng gawa at katotohanan." (1 Juan 3:16-18)*** At iyon ay totoo, sa ilang mga pagkakataon kapag tayo;y tumulong at pinaginhawa ang iba nakikita nating pinagiginhawa din tayo ng Diyos. Pagpapakitaan tayo ng habag habang ginagawa natin iyon sa iba.

***"At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:2)*** Ang sanglibutang ay may sariling kaparaanan upang pagpalain tayo ngunit mayroon tayong totoong mga pagpapala mula sa Diyos habang tayo'y sumusunod sa Kanyang Salita, at sinunod ang Kanyang mga landas. Kailangan nating mag-isip at gawin ang mga bagay na makakapagpalugod at magpaparangal sa Diyos.

Ang mga tao at ang sanglibutan ay may ilang mga paraan ng pananaw ng mga pagpapala at kung paanong tatanggapin ng tao at tatamasahin ang mga ito. Ngunit ang Bibliya ay may ibang pananaw, isang pananaw na magpapatibay sa atin ayon sa Salita ng Diyos at iyan ang dahilan kung bakit tayo ay nagbabasa at nag-aaral at nagtuturo ng Bibliya. Ang katotohanan ay nasa Salita ng Diyos, at ito ay nagtuturo sa atin ng wastong paraan upang pagpalain. Isinulat ni Apostol Juan, ***"4 At ang mga bagay na ito ay aming isinusulat, upang ang ating kagalakan ay malubos." (1 Juan 1:4)*** Ang ating kagalakan at ang iyong kagalakan ay malulubos kung pareho nating batid ang katotohanan at lumakad sa katotohanan, at upang palayain at pagpalain tayo ng katotohanan.

***"18 Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya." (Juan 1:18)*** Si Jesus ay pumarito mula sa Langit ipinadala ng Diyos ang Ama upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan at upang ipakita sa atin ang landas para gawin ang kalooban ng Diyos at mabuhay upang paluguran ang Diyos at pagpalain. ***"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)*** Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, Siya ay inilibing, at nabuhay mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay, tayo na nanampalataya sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga hakbang sa ating buhay. Ipinakita sa atin ni Jesus ang daan upang pagpalain.

***6. "8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8)*** Ang kadalisayan sa puso ay ito ang nais ng Diyos. Nais ng Diyos ang malinis na puso, walang panlilinlang, walang pandaraya, walang sabwatan, walang katiwalian, at walang pagpaplano at pagbabalak ng masama sa walang muwang. Ito ang sinasabi sa atin ng Salita ng Diyos; huwag mag-isp ng masama sa ating puso, ***"9 Ganito ang sinalita ng Panginoon ng mga hukbo, na nagsasabi, Mangaglapat kayo ng tunay na kahatulan, at magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid.10 At huwag ninyong pighatiin ang babaing bao, ni ang ulila man, ang taga ibang lupa, ni ang dukha man; at sinoman sa inyo ay huwag magisip ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid." (Zechariah 7:9-10) "17 At huwag magisip ang sinoman sa inyo ng kasamaan sa inyong puso laban sa kaniyang kapuwa; at huwag ninyong ibigin ang sinungaling na sumpa: sapagka't ang lahat ng ito ay mga bagay na aking kinapopootan, sabi ng Panginoon." (Zechariah 8:17)*** Ang dalisay ang puso patungo sa Diyos at dalisay ang puso patungo sa isa't isa ay kinakailangan. Nais ng Diyos na linisin ang ating puso mula sa masasamang bagay. ***"19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong:" (Mateo 15:19)*** Ito ang mga bagay na nakakagawa sa atin na marumi. Hindi ka makakarating sa Langit kung iyong puso ay puno pa rin ng ganoong karumihan. Suriin ang kasamaan sa iyong puso at magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. ***"13 Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa: nguni't ang nagpapahayag at nagiiwan ng mga yaon ay magtatamo ng kaawaan." (Kawikaan 28:13)*** Ang Panginoon ay malapit nang bumalik at nais Niya na makita kang malinis at handa, dalisay ang puso, upang makatagpo natin Siya, gaya ng ito ay nasusulat, "***Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios."***

***7. "9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)*** Ang mga alagad ng Diyos ay ang mga naglilingkod sa Diyos nang tahimik nang walang ingay, mga kaguluhan, pakikipag-away o pakkipagtalo. Ang mga lingkod ng Diyos ay naghahatid ng katotohanan at pinapangalagaan ang nawawalang mga kaluluwa at masigasig na pakakain ang kanilang sarili ng Salita ng Diyos. Ang tao na nagdadala ng pagtatalo, alitan, at palaging may kaguluhang dumadating sa kanyang paglilingkod ito ay hindi lingkod ng Diyos. Ngunit may tiyak na pagkakataon na kailangan nating gumawa ng malinaw na paghiwalay sa pagitan ng masama at mabuti, katuwiran at kasamaan gaya ng sinabi ni Jesus, ***"34 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak." (Mateo 10:34)*** Ito ay sapilitan upang labanan ang kasalanan at harapin ang kasamaan o sa pagharap sa maling katuruan at maling mga relihiyon. Ngunit sa pangkalahatan, ang kapayaan ang dapat magmarka sa ating buhay at sa ating paglilingkod. ***"18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao." (Roma 12:18)*** Ang tao na laging nakikipagtalo ngunit walang totoong bunga sa kanyang buhay at paglilingkod hindi siya tagapaghatid ng kapayapaan kundi tagapaghatid ng kaguluhan. Ang taong patuloy na naghahatid ng mga kaguluhan ay katulad ng isang tinik sa laman siya ay hindi tagapaghatid ng kapayaan, at siya ay hindi lingkod ng Diyos na nais at hangad ng Panginoon.

***8. "10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit.11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.12 Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo." (Mateo 5:10-12)*** Ang pag-uusig at ang pinakahuling kaganapan na darating sa buhay at sa paglilingkod ng mananampalataya sa Diyos. Ito ay darating sa atin habang tayo ay nagpapasya na gawin ang kalooban ng Diyos at magpatuloy sa paglilingkod sa Kanya nang buong puso. Tayo ay tatanggihan, tatanggap ng mga insulto, maling paratang ng mga krimen, at ang mensahe dito ay huwag tayong umuwing malungkot at masama ang loob. Bagkus magalak, nauunawaan na ang pag-uusig ay isang pakibang at isang mabuting puhunan, sapagkat tayo ay tatanggap ng gantimpala mula sa Panginoon sa Langit, "***Mangagalak kayo, at mangagsayang totoo: sapagka't malaki ang ganti sa inyo sa langit:"*** Ito ang tanda para sa tunay at dakilang bayan ng Diyos.

***Sa aking Mahal at Minamahal: "Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo:4 Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:5 Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban," (Epeso 1:3-5)*** Ang mga tunay na pagpapala ay nagmumula sa Panginoon at pinagpala tayo ng higit; hinirang Niya tayo, inaring Kanyang mga anak, at biniyayaan tayo ng kaligtasan, at mga kaloob ng Banal na Espiritu, ngunit kailangan nating maging naayon sa Kanyang Salita at mga utos upang makita natin, matanggap at matamasa ang Kanyang mga pagpapala. Tinatawag tayo ng Diyos upang dalisayin ang ating puso at linisin ang ating mga kamay at kailangan nating isipin at gawin ang mga bagay na nakalulugod at nagpaparangal sa Diyos habang sumasang-ayon tayong manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Ama Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa aral na natanggap ko ngayon mula sa iyong Salita, at iyon ang nagpabatid sa akin ng lahat ng iyong mga pagpapala sa aking buhay.*

*Magsisi at talikuran ang inyong mga kasalanan; pagmamataas, kayabangan, pagyayabang, pagmamalaki, galit, away, paggawa ng problema, hindi handang tumulong sa mga dukha at nangangailangan, pagpapanatili ng malisya at masasamang bagay sa puso mo, hindi handang magdusa at usigin. Panginoon ako'y nagsisisi at tinatalikdan ang lahat ng sumusunod na kasalanan*___________________________.

*O Panginoon lubos mong kontrolin ang aking buhay at higit mo akong ipakumbaba at ipakita mo sa akin mula sa iyong Salita, sa tulong ng Banal na Espiritu, ang mga bagay na nais mong gawin ko at ang anyo na nais mong maging ako. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong Salita, itinatanggi ang aking sarili, na maging mapagpakumbaba, maamo, maawain, matiyaga sa pagdadalamhati, dalisay ang puso, nauuhaw at nagugutom sa iyong kabutihan, tagapamayapayan, at pagtanggap ng pag-uusig at masamang pagtrato para sa inyong pangalan.*

*Panginoon dalangin ko ang aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa inyo, Panginoon tulungan mo silang higit na magdala ng bunga ng espiritu sa kanilang buhay, na makita ng mga tao si Jesus sa pamamagitan nila. Punuin sila ng Panginoon ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon dalangin ko na gamitin mo sila upang maabot ang mga bagong tao ng ebanghelyo ni Jesus.*

*Panginoon salamat sa lahat ng pagpapala mo sa amin bilang isang simbahan Panginoon bigyang-daan kaming abutin ang bagong mga tao at magtanim ng bagong mga pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagdating kami'y sasama sa iyo kapag ikaw ay pumarito upang kunin kami. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa kapayapaan at pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupan, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pag ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu sa sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Ang Daan para Maging Mapalad Yugto 1. Mateo 5:3-12. Hebreo 9:14. Isaias 30:18. Mateo 6:33. Lucas 6:31. I Ni Juan 3:16-18. Mga Taga Roma 12:2. 1 Juan 1:4. Juan 1:18. Juan 3:16. Zacarias 7: 9-10. Zacarias 8: 17. Mateo 15: 19. Kawikaan 28:13. Mateo 10:34. Mga Taga Roma 12:18. Mga Taga Efeso 1:3-5.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com